

Mga Tuntuning Partikular sa Produktong Adobe ColdFusion

Na-publish noong Pebrero 25, 2025

Pinamamahalaan ng Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito ang iyong paggamit sa ColdFusion at isinasama ito sa pamamagitan ng pagbanggit sa Mga Pangkalahatang Tuntunin ng Paggamit ng Adobe ("**Mga Pangkalahatang Tuntunin**") na makikita sa www.adobe.com/go/terms_ph (ang Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito at ang Mga Pangkalahatang Tuntunin ay sama-samang tinutukoy bilang "**Mga Tuntunin**"). May iba pang Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na binabanggit sa Mga Pangkalahatang Tuntunin na maaari ding sumaklaw sa iyong paggamit ng Mga Serbisyo at Software. Ang mga naka-capitalize na terminong hindi binigyang-kahulugan dito ay may kahulugang tulad rin ng tinutukoy sa Mga Pangkalahatang Tuntunin.

1. Mga Tuntunin sa Lisensya.

- 1.1. **Standard na Lisensya.** Sa isang Standard na Lisensya, pinagkakalooban ka ng Adobe ng isang lisensyang i-install at gamitin ang Production Software sa bawat Core nang paisa-isa ayon sa nakasaad dito. Pinagkakalooban ka ng Adobe ng karapatang mag-run sa isang computer para sa bawat valid na lisensya ng Production Software na nakuha mo, basta't ang bilang ng mga Core sa nasabing computer ay mas kaunti sa dalawa (2) o katumbas nito. Maaaring makipag-ugnayan ang licensee sa Adobe para humingi ng tulong sa anumang tanong sa paglilisensya sa http://www.adobe.com/go/ColdFusion_Licensing_Contact_ph.
 - 1.2. **Lisensya sa Enterprise.** Sa Lisensya sa Enterprise, pinagkakalooban ka ng Adobe ng karapatang mag-run sa isang Computer para sa bawat valid na lisensya ng Production Software na nakuha mo, basta't ang bilang ng mga Core sa nasabing Computer ay mas kaunti sa walo (8) o katumbas nito. Maaari mong i-install at gamitin ang On-premise Software bilang Development Software. Ang iyong paggamit ng Development Software ay sasaklawin ng mga tuntunin sa ibaba:
 - 1.2.1. Maaari mong i-install at gamitin ang On-premise Software bilang Development Software sa isang Server para sa bawat lisensya ng Production Software na binili mo. Maaari mo lang gamitin ang Development Software sa iyong technical environment para lang sa mga layunin ng testing, development, at staging, na gagamitin at ia-access ng mga User sa pamamagitan ng iyong intranet.
 - 1.2.2. Hindi mo maaaring (a) gamitin ang Development Software para sa anumang pag-deploy ng application sa isang live o standby na production environment; o (b) gamitin ang Development Software para mag-deploy ng mga application na ina-access ng mga end user.
 - 1.2.3. Maaari mong i-install at gamitin ang Developer Edition Software sa isang Computer at maaari mo lang gamitin ang Developer Edition Software sa iyong technical environment para lang sa testing at development at hindi para sa staging o live o standby na production.
 - 1.2.4. Hindi mo maaaring gamitin o i-access ang Development Edition Software (a) para sa anumang pag-deploy ng application sa isang live o standby na production environment; o (b) mula sa higit sa dalawang IP address nang sabay-sabay; o (c) gamitin ang Development Software para mag-deploy ng mga application na ina-access ng mga end user. **Ang Developer Edition Software ay ibinibigay nang "AS-IS" nang walang anumang garantiya o obligasyon sa iyo.**
2. **Ipinagbabawal na Paggamit.** Pinagbabawalan kang: (a) magparenta, magpaupa, magpahiram, o magkaloob ng iba pang mga karapatan sa On-premise Software, kasama na rito ang mga karapatan sa membership o subscription; (b) ipagamit ang On-premise Software sa isang negosyo ng computer service, pasilidad o serbisyo ng third party outsourcing, kasunduan sa service bureau, kasunduan sa time sharing, o bilang bahagi ng isang hosted service; o (c) gamitin ang anumang component, library, o iba pang teknolohiyang kasama sa On-premise Software sa ibang paraan maliban kung may kinalaman sa paggamit nito sa On-premise Software. Ang On-premise Software ay nakadiseno at ibinibigay sa iyo bilang isang produktong gagamitin bilang isang produkto sa mga Computer at platform ayon sa pahintulot na ibinibigay rito. Hindi mo maaaring gamitin ang lahat ng component ng On-premise Software, pero hindi mo dapat i-unbundle ang mga component ng On-premise Software para gamitin sa iba't ibang Computer maliban kung pinahihintulutan ito sa Mga Tuntunin. Hindi mo puwedeng i-unbundle o i-repackage ang On-premise Software para sa pamamahagi, paglipat, o iba pang pagbebenta.

3. Mga Kahulugan.

- 3.1. Ang ibig sabihin ng "**Karagdagang Component ng Enterprise Software**" ay isang ColdFusion API Manager na tumutulong sa pag-manage ng application programming interface at available lang ito sa Enterprise edition ng On-premise Software.

- 3.2. Ang ibig sabihin ng **“Computer”** ay isang virtual o pisikal na device para sa pag-store o pagpoproseso ng data, gaya ng mga server, desktop computer, laptop, mobile device, at hardware na produkto. Kung naglalaman ang isang device ng higit sa isang virtual environment (kasama na ang mga virtual machine at virtual processor), ang bawat virtual environment ay ituturing na isang hiwalay na Computer.
- 3.3. Ang ibig sabihin ng **“Core”** ay isang pisikal o virtual na core sa isang pisikal o Virtual Machine at may kakayahang manipulahin at paganahin ang On-premise Software nang mag-isa. Sa pisikal na deployment, ang ibig sabihin ng Core ay isa sa mas maliit na processing unit ng CPU sa isang Computer, at sa virtual deployment naman, tumutukoy ito sa unit ng processing power sa isang Virtual Machine. Ang "Virtual Core" ay ang virtual na representasyon ng isang hardware thread sa isang aktuwal na processing core. Ang kabuuang bilang ng mga Core na gumagamit sa On-premise Software sa Computer ay hindi maaaring lumampas sa nililisyang bilang, at ang mas malaki sa (a) eksaktong bilang ng mga Core na gumagamit sa On-premise Software kapag kino-configure mo ang Computer (gamit ang isang maaasahan at nabeberipikang paraan ng pag-partition sa hardware o software) nang sa gayon ay mas mababa ang kabuuang bilang ng mga Core na aktuwal na gumagamit sa On-premise Software kaysa sa kabuuang bilang ng mga Core sa Computer na iyon; o (b) sa kabuuan ng lahat ng Core na nasa bawat CPU sa Computer. Ang kabuuang bilang ng mga Core na itinalaga sa Virtual Machine ay hindi maaaring lumampas sa nililisyang bilang ng mga Core.
- 3.4. Ang **“CPU”** ay ang bawat natatanging central processing unit (na pisikal) sa loob ng Computer. Ang bawat CPU ay maaaring maglaman ng isa o maraming processing Core.
- 3.5. Ang ibig sabihin ng **“Developer Edition Software”** ay ang On-premise Software na nililisyang para sa development sa isang local host ng mga application na maaaring i-access mula sa hindi lalampas sa dalawang magkasabay na remote na IP address.
- 3.6. Ang ibig sabihin ng **“Development Software”** ay ang On-premise Software na nililisyang lang para sa (a) internal na development at testing; at (b) para sa paggamit sa isang Staging Server, kapag ginagamit mo ang On-premise Software kaugnay ng isang valid na lisensya sa Production Software. Sa bawat pagkakataon, ang Development Software ay maaari lang i-access ng mga User sa pamamagitan ng iyong intranet.
- 3.7. Ang ibig sabihin ng **“Hypervisor”** ay isang software, firmware, o hardware device na gumagawa at nagra-run ng mga Virtual Machine.
- 3.8. Ang ibig sabihin ng **“Instance”** ay isang installation ng ColdFusion na dine-deploy sa pamamagitan ng isang Hypervisor.
- 3.9. Ang ibig sabihin ng **“On-premise Software”** ay ang Adobe software na dine-deploy mo o para sa iyo sa hardware na itinalaga mo.
- 3.10. Ang ibig sabihin ng **“Staging Server”** ay isang Server na ginagamit para mag-assemble, mag-test, at mag-review ng bago o mas bagong bersyon ng mga application, para mag-deploy ng nasabing mga application sa pamamagitan ng intranet ng Customer, at maa-access lang ng mga User bago ilipat ang mga application sa mga live, standby production, o production environment.
- 3.11. Ang ibig sabihin ng **“Production Software”** ay ang On-premise Software na nililisyang para sa produktibong paggamit sa negosyo. Nililisyang ang Production Software para sa pag-deploy sa isang Computer na may tinukoy na bilang ng mga Core.
- 3.12. Ang ibig sabihin ng **“Server”** ay isang Computer na nakadiseno o naka-configure para sa pag-access ng maraming user sa isang network.
- 3.13. Ang ibig sabihin ng **“Virtual Machine”** (o **“VM”**) ay isang technical environment na naglalaman ng mga component na kinakailangan para gumamit ng maraming instance ng software na naka-install sa isang Computer kung saan parang hiwalay na naka-install sa isang hiwalay na Computer ang bawat Instance ng naturang software. Ang ibig ding sabihin ng VM ay isang technical environment na gumagamit ng isa o higit pang Instance ng software para maghatid ng mga hosted na serbisyo at resource sa pamamagitan ng internet o sa isang intranet, kung saan ang mga serbisyo at resource ay maaaring i-access sa isang paraang nagbibigay-daan upang maging available ang

nasabing mga serbisyo at resource nang “on demand”, na nase-scale pataas o pababa ayon sa mga pangangailangan sa processing ng user sa paglipas ng panahon.

3.14. Ang “**User**” ay tumutukoy sa Personal user at Business user ayon sa naaangkop.

Adobe-ColdFusion-Product-Specific-Terms-fil_PH-20250225